

Pag-iwas sa mga sakuna para sa mga mangingisda (sa barkong pangisda, pagsasakang pantubig o akwakultura)

Panimula

Ang polyeto o pamphlet na ito ay nagsasaad ng mga dapat pag-ingatan para di masaktan o magkasakit habang nangingisda.

Mahalaga na sundin ang mga tagubilin ng mga tagapangasiwa, tulad ng kapitan at pinuno ng mga mangingisda. Mahalaga ring gumawa ka ng mga aksyon upang maprotektahan ang iyong sarili.

Habang nagtatrabaho dito, palaging tandaan ang mga nakasulat o nakalista na pag-iingat o babala. Galingan ang pagtrabaho at magsumikap ng husto ng sa gayon ay masaya kayo sa pagbalik sa inyong mga pamilya.

※ May impormasyon din sa salitang Hapon kaya kung may mga iba pa kayong katunungan, mainam na tanungin ang inyong among Hapon.

I Barko para sa pangangisda (mga operasyon sa barko, at iba pa)

1. Bago sumakay ng barko

1) alon, at ugoy ng barko

Ang mga alon ay sanhi ng pakikipag-ugnay sa bawa't isa ng hangin at tubig-dagat. Ang paggalaw ng antas ng alon ay kumplikado. Ang di inaasahang mga alon ay maaaring tumama sa kubyerta o palapag ng barko na maaaring magsanhi sa sakuna o pagkahulog sa dagat ng mangingisda.



Ang pag-ugoy ng barko ay dahil sa galaw ng alon, hangin, at pagbago ng bilis ng barko.

Hindi tulad pag nasa lupa, maaari kang matumba o mahulog sa dagat dahil sa alon at ugoy ng barko kung hindi ka maingat sa paglakad.

Ang pag-ugoy ng barko at alon ay hindi laging pareho. Ang hindi inaasahang pag-alog at alon ay maaaring mangyari, kaya dapat laging handa sa pagharap dito. Ang paggalaw ay hindi laging pareho tulad ng isang laruang-timbangan (seesaw). Hindi dahil walang naging problema sa pinakahuling pagduyan ng barko ay ibig sabihin na wala ring problema sa susunod na pag-alog o pagduyan ng barko.

Habang nagtatrabaho sa palapag o kubyerta ng barko, bigyang pansin ang mga babala mula sa plataporma o bridge. Sila ang nanonood sa mga alon at nagmamasid sa palapag o kubyerta.

Kailangang maging mas maingat habang nangingisda sa gabi sapagkat mahirap makita ang ibabaw ng dagat dahil sa mga ilaw na gamit sa palapag o kubyerta. Laging magsuot ng salbabida (life jacket) bilang paghahanda, kung sakaling mahulog sa dagat.



- Pag-ingatan ang ulo! ①
- Ligtas na daanan? ②
- Bilang isang pangkalahatang tuntunin, laging tandaan na may pamamaraan sa pag-akyat at pagbaba ng hagdan para sa inyong kaligtasan, ito ay ang tinatawag na “three points of contact”, ang pag-uugnay ng iyong dalawang kamay at isang paa o dalawang paa at isang kamay. ③



- Ang pagduyan o ugoy ay hindi pare-pareho. ④
- Gumamit ng lifeline o salbabida, at maglagay ng lubid-pangkaligtasan o safety cord kapag nagtatrabaho sa palapag o kubyerta ng barko ⑤
- Tiyakin na nakatali ang mga bagay na pwedeng gumalaw kapag malakas ang pagduyan o ugoy ng barko. ⑥

2) Dapat may disiplina sa pagiging maayos, sa pag-organisa, at sa paglilinis (disiplina)

Maaring may matisod o may mangyaring sakuna sa tauhan pag gumalaw ang mga kahon ng troli dahil sa pag-ugoy ng barko, kapag ang palapag o kubyerta ay hindi maayos, hindi malinis, o hindi nalinis. Mahalaga na ugaliin ang pag-aayos at ang kalinisan para na rin sa inyong kaligtasan.

● pag-aayos

Ano ang pag-aayos? Ang pag-ayos ay para malaman kung ano ang kinakailangan sa hindi, at matapon ang mga hindi kinakailangang bagay. Gayunpaman, kahit na ito ay isang bagay na itatapon, ipinagbabawal ng batas na itapon ang mga ito sa dagat. Sundin ang mga tagubilin ng iyong tagapangasiwa o bisor. ⑦

● organisado

Ayusin ang mga bagay ayon sa uri at ilagay ang mga ito sa lugar na madaling maabot. Ilipat ang mga gamit para mabilis maabot nang walang panganib. Ang pag-ayos ng mga gamit ay ayon sa uri ng barko, kaya sundin ang utos ng tagapangasiwa o bisor. Ang mga mabibigat na bagay ay madaling gumalaw kaya dapat italing maigi. ⑧

● Paglilinis

Ano ang paglilinis? Ito ay pag-alis ng mga dumi at alikabok.

Habang nangingisda, ang palapag o kubyerta ay puno ng dumi galing sa dugo ng isda. Maaring magka-aksidente tulad ng pagkadulas, pagkadapa o pagkahulog sa dagat kung hindi agad lilinis ang palapag o kubyerta. ⑨

● Kalinisan

Ano ang kalinisan? Ito ay ang pagpapanatiling malinis ng iyong paligid, tulad ng paglaba ng damit, paghuhugas ng kamay, at pagdisimpekta ng mga kagamitan sa pagluluto. Mahalaga ito para maiwasan ang pagkakasakit at pagkalat ng sakit. ⑩

● Disiplina

Ang kasanayan sa pag-aayos, pag-organisa, kalinisan, at paglilinis ay tinatawag na "disiplina". Mahalaga ito sa pagpapanatili ng kaligtasan at kalusugan sa barko.



2. Mapanganib na materyales (dangerous materials), karatula sa kaligtasan (safety sign).

1) Ang paghawak ng mga mapanganib na materyales

Maraming bagay na mapanganib (high pressure gas, nasusunog na produkto, nakalalason na sangkap) sa barko. Sundin ang mga babala at tagubilin o payo mula sa iyong tagapangasiwa o bisor, at dapat mag-ingat na mabuti sa paghawak sa mga ito.

- **High pressure gas:** Acetylene gas na ginagamit para sa welding, pampalamig sa refrigerator at LPG na ginagamit sa pagluto. Pwede itong maging sanhi ng sunog o pagsabog, pagkalason, kakulangan ng oxygen, at frostbite. Hustong pag-iingat ang kailangan, at huwag itong galawin, tamaan na malakas o masira ang valve o tubo ng tangke.
- **Mga nasusunog na sangkap:** Ang gasolina para sa makina, kerosene, pintura, at ang solvent nito. Ang mga lalagyan nito ay dapat malayo sa apoy.
- **Mga nakakalason na sangkap:** sulfuric acid ng battery fluid na ginagamit sa pagtanggap ng lata na naiipon sa tubo dahil sa tubig-dagat. Kung ito ay nalanghap o madikit sa balat, magdudulot ito ng pagkalason at pamamaga. Kinakailangan gumamit ng mga kagamitan sa proteksiyon (goggles o salamin, at makapal na gwantes na di matutunaw ng asido) kung hahawakan ang mga ito. Tiyakin na tama ang timpla kapag gagamit ng sabong panlinis [detergent] para sa isterilisasyon at pag-disimpekta.
- **Iba pang mga mapanganib na gamit:** Sa mga barkong-pangisda, maraming mga kaso ng malubhang sugatan na sanhi ng mga ngipin ng mga pating, mga palaspas ng manta ray, mga panipit ng snow crab at mga palikpik ng tulingan kaya dapat maging maingat dito.


2) karatulang pangkaligtasan

Mayroong iba't ibang mga palatandaan sa barko upang maiwasan ang mga sakuna tulad ng mga sumusunod. Unawain natin ang mga kahulugan nito.

Ang isang halimbawa ay ang Japanese Industrial Standard Z9104 [senyas sa kaligtasan]

Senyas ng pagbabawal: Ang palatandaan na ito ay nagbabawal sa pagpasok.		
 <p>火気厳禁 FIRE PROHIBITED</p> <p>Bawal magsindi</p>	 <p>立入禁止 DO NOT ENTER</p> <p>bawal pumasok</p>	 <p>通行禁止 DO NOT ENTER</p> <p>bawal dumaan</p>
Senyas ng babala: Isang palatandaan upang itawag-pansin.		
 <p>有毒物 TOXIC SUBSTANCE</p> <p>Lason</p>	 <p>転落注意 Caution! drop</p> <p>Mag-ingat at baka mahulog</p>	 <p>危険 感電注意 DANGER! ELECTRIC SHOCK!</p> <p>Mag-ingat at baka makuryente</p>
Senyas ng lagayan para sa kaligtasan: ito ay mga senyas upang ipahiwatig ang lokasyon ng ruta para sa ebakwasyon, pangunang lunas [first aid kit], stretcher, atbp.		
 <p>非常口 EXIT</p> <p>Pinto para sa ebakwasyon</p>	 <p>救急箱 FIRST-AID KIT</p> <p>pangunahing lunas</p>	 <p>daan palabas</p>
Senyas sa pag-iwas sunog: senyas na nagpapahiwatig ng lokasyon ng mga gamit panpatay ng sunog		
 <p>消火器 FIRE EXTINGUISHER</p> <p>pamatay-sunog (fire extinguisher)</p>	 <p>消火栓 FIRE HYDRANT</p> <p>posong pamatay sunog [fire hydrant]</p>	
Senyas ng pagturo: Dapat mong sundin ang mga tagubilin ng mga palatandaan		
 <p>保護帽着用 WEAR HELMET</p> <p>Magsuot ng helmet</p>	 <p>マスク着用 WEAR MASK</p> <p>magsuot ng mask</p>	 <p>保護メガネ着用 WEAR SAFETY GLASSES</p> <p>magsuot ng goggles</p>
Ang mga mapanganib na lugar ay may marka na itim at dilaw na pintura, at lubid na tulad ng nasa larawan.		
		

3. Tamang pananamit at paggamit ng pananggalang-kasuutan (protective gear)



- Ang himelo na hindi nakatali ay maaaring sumabit sa makina na taga hakot ng lambat (net hauler) ①①
- Ang laylayan ng jacket ay maaaring sumabit sa cone roller ng panghakot ng lambat ①②

Isuot ng tama ang mga damit-pantrabaho, pangkaligtasang-sapatos (safety shoes), at pangkaligtasang-bota (safety boots) habang nagtatrabaho. Siguraduhing mahigpit ang pagkatali o pagkabutones ng mga himelo (cuffs) at labas ng dyaket upang hindi sumabit sa mga umiikot na makina. Bukod dito, kailangan mong gumamit ng naaangkop na kagamitan sa proteksiyon ayon sa trabaho, tulad ng salbabida (life jacket), sinturong-pangkaligtasan (safety belt), lubid pangkaligtasan (life line), at helmet.




○ Kapag gumagamit ng isang sinturong-pangkaligtasan (safety belt) na may shock absorber bilang isang lubid-pangkaligtasan (life line), kinakailangan na isalang-alang na nababanat ang shock absorber ng isang metro o higit pa.



○ Pinoprotektahan ng helmet ang iyong ulo mula sa lumilipad at bumabagsak na mga bagay. Ang proteksyon sa harap ng helmet ay pinoprotektahan ang mga mata at mukha mula sa lumilipad na karayom o isda.



- taling maigi ang manggas at laylayan ng kapote. Tiyakin na ang salbabida (life jacket) ay nakasuot sa ibabaw ng kapote. ⑬
- Suriin na ang mga bota o safety boots ay hindi madulas ang suwelas. (Sa kaso ng mga safety boots, ang dulo nito ay sintetiko na resin (synthetic resin) o bakal upang maprotektahan ang mga daliri ng paa) ⑭



○ Pinoprotektahan ng mga gwantes ang iyong mga kamay mula sa mga gasgas at dumi, ngunit maaari silang sumabit sa makina kung hindi nakasuot ng maayos ang gwantes. ⑮



4. Mga sakit na dapat malaman at paano iwasan ito

Mayroong mga barkong pangingsida na nagtatrabaho sa gabi at nagpapahinga sa araw - panggabing pangingsida. Mayroon din pangingsida na paulit-ulit sa isang maikling panahon. Laging pangalagaan ang iyong pisikal na kalagayan tulad ng pamamahinga upang maiwasan ang pagkakasakit. Kapag nagtatrabaho ka, pamamahalaan pangalagaan mo ang iyong sariling kalusugan. Mahalaga rin na bigyang pansin ang pisikal na kalagayan ng kasama mong mga mangingisda.

Maaaring hindi agad makakabalik sa daungan ang barko kung ikaw ay magkasakit.


Ang mga kumpanya sa Japan ay dapat gumanap ng medikal na pagsusuri sa kanilang mga empleyado, isang beses sa isang taon. Siguraduhin na makibahagi sa medikal na pagsusuri. Gayundin, kayong mga tripulante ay dapat na aktibong gumamit ng "Libreng Konsultasyon sa Kalusugan" na isinasagawa tuwing Setyembre, sa panahon ng "Seafarer Occupational Safety and Health Month", pati na rin ang pagsuri sa sertipiko ng kalusugan kuwaderno o notebook ng tripulante kada taon.

1) atake dahil sa matinding init (heatstroke)

Ang heatstroke ay nangyayari kapag nagtatrabaho sa isang mainit at mahalumigmig na kapaligiran, tulad ng isang palapad o kubyerta na nakalantad sa sikat ng araw. Kahit na hindi ka nauuhaw, uminom ng tubig at kumain ng kaunting asin, at palaging magpahinga sa malamig na lugar.

Kung nararamdaman ang mga sumusunod na sintomas, mayroon kang heatstroke. ⑩


- pagkalula o pagkahilo matapos tumayo → magpahinga sa malamig na lugar ⑪
- nasusuka, pakiramdam na pagod → pumunta agad sa klinika o tanggapan medikal (medical office)
- Hindi makalakad nang direktso, hindi tumugon sa tawag → Agad na dalhin sa ospital



2) mababang temperatura ng katawan [hypothermia]

Kung ikaw ay matagal na nalantad sa malamig na hangin at alon, maaari kang maging hypothermic at mamatay. ⑫

Panginginig ng katawan, hindi makagalaw sa lamig. → Painitin ang iyong katawan, uminom ng mainit na inumin. ⑬



3) Nakahahawang sakit

<Nakahahawang sakit> tulad ng trangkaso at pagkasira ng tiyan (viral gastroenteritis) ay madaling kumalat sa barko dahil masikip ang mga kuwarto. Mahalagang panatilihin malinis ang tulugan. Upang maiwasan ang pagkalason sa pagkain, ang tubig ay dapat isterilisado, at inumin lamang ang mga malinis na inumin. Mahalaga ang pagdidisimpekta at isterilisasyon ng mga kagamitan sa pagluluto. ⑳, ㉑



4) sakit sa likod (backache)

Ang pagbubuhat ng mga mabibigat na bagay, o hindi tamang postura ay maaaring sanhi ng pagsakit ng iyong likod. Kapag bumubuhat nagbubuhat ng mabigat na bagay, huwag itong gawain na pangit ang postura. Gayundin, buhatin ito ng may kasama kang iba sa halip na mag-isa lang. ㉒



5) kalusugang pangkaisipan (mental health)

Kung ang tensyon (stress), tulad ng pakiramdam na dayuhan (alienation) o pag-iisa (isolation) ay nagpapatuloy, ang mga karamdaman sa pag-iisip tulad ng matinding kalungkutan (depression) ay maaaring mangyari. Alisin natin ang pang araw-araw na tensyon (stress) sa pamamagitan ng pagpapanatili ng komunikasyon sa mga kasamahan. Kung nakakaramdam ka ng pagkabalisa, hindi makatulog, may problema, o hindi magandang pisikal na kalagayan, kausapin agad ang iyong bisor o kasamahan. ㉓, ㉔, ㉕

5. Tugon sa emerhensiya


Ang mga tungkulin na pagligtas ay dapat isagawa ng lahat ng mga tauhan tulad ng pagpatay ng sunog, trabaho para hindi pasukin ng tubig, taong nahulog sa dagat at natumba dahil walang oxygen. Gayundin, kung ang barko ay malapit nang lumubog, ang lahat ay dapat umalis sa barko at sumakay sa balsa (life raft), atbp, at magtulungan habang naghihintay ng pagligtas.

Inaatasan ng barko kung ano ang tungkulin ng bawat tauhan sa panahon ng emerhensiya. Pagkasakay ng barko, agad alamin ang tungkulin na naitalaga sa iyo na nakalahad sa tabla ng emerhensiya (emergency board). Mahalagang tanungin ang iyong tagapamahala o bisor para maunawaan kung ano ang tungkulin mo, at magtanong kung hindi mo maintindihan.

Dapat mo ring tandaan ang mga senyas o tanda para sa mga emerhensiya tulad ng sunog. Dapat mo ring suriin kung anong aksyon ang dapat mong gawin kapag nakakita ka ng sunog o taong nahulog sa dagat. Sa alinmang kaso, dapat agad ipalam ito ng unang makakita sa iba pang mga miyembro. Huwag sumugod sa usok para patayin ang sunog at huwag tumalon sa dagat na mag-isa upang matulungan ang mga nahulog.




- Lakasan ang loob mo at maging kalmado (26)
- Habang sumisigaw ng "may nahulog!," magtapon ng lumulutang na bagay tulad ng salbabida o kahong kahoy. (27)



- Pansamantalang paghinang sa butas sa daluyan ng tubig-dagat na gamit ang lubid. (28)
- "Sunog!" Ang paggamit ng pamatay-sunog (fire extinguisher) ay mula dapat sa direksyon ng ihip ng hangin tungo sa paanan ng sunog (29)



- Darating ang saklolo (30)
- Dumating na ang saklolo (31)



Ang istatistika ng taon 2014–2017 na iniulat sa Artikulo 111 Batas ng Mandaragat

6. Mga hakbang sa kaligtasan/seguridad (safety measures) habang nagtrabaho sa barko

Karamihan sa mga sakuna na naganap sa mga barkong pangingisda ay nangyayari habang nangingisda.

1) nasabit o naipit

Maraming mga malalakas na makina sa barko tulad ng mga aparato sa pangingisda at mga aparato sa pag-aangkla (mooring). Ang ilan sa mga ito ay may takip o harang upang maiwasan na masagi, ngunit wala silang mga aparato sa kaligtasan/seguridad na tulad ng sa mga pintuan ng elebeytor na nakakaramdam ng mga dayuhang bagay at kusang humihinto. Kahit na mayroong isang pindutan ng emerhensiya o emergency stop, hindi ito titigil maliban lamang kung may pipindot dito.

Maraming mga sakuna ang pwedeng mangyari, tulad ng pagkasabit sa kagamitan na pangingisda o lambat na nagiging sanhi ng pagkadurog o pagkapilipit na parte o buong katawan.

Halimbawa ng aksidente 1: Nasabit ang kaliwang kamay habang kinumpol at tinatali ang lambat na inangat sa makinang panghatak (winch). Dalawang tao ang gumawa ng pag-kumpol at pag-tali ng lambat. ⑳

Sanhi: Hindi nagbigay-pansin sa bawat isa habang nag-tatrabaho. Ang senyas sa pag-angat ay ibinigay nang hindi tinitignan ang kalagayan.

Mga hakbang sa pag-iwas: Kapag nagtatrabaho kasama ng maraming tao, kahit na nagmamadali ka, dapat kang magbigay pansin sa mga paggalaw at kundisyon ng bawat isa at suriin ang seguridad bago isagawa ang susunod na kilos.



Halimbawa ng aksidente 2: Malakas ang ugoy ng barko dahil masama ang panahon. Habang ginagamit ang makina na taga-hakot ng lambat (net hauler), nawalan siya ng balanse at ang manggas ng laylayan ay sumabit at naipit sa taga-hakot ng lambat (net hauler). ③③

Sanhi: Nawalan ng balanse ang katawan. Masyadong malapit sa roller. Ang roller ay hindi nahinto agad.

Mga hakbang sa pag-iwas: Panatilihing balanse ang iyong katawan habang nagtrabaho kapag masama ang panahon. Huwag lumapit sa umiikot na makina. Bilang karagdagan, kinakailangang maglagay ng tagamasid at maghanda ng pindutan ng emerhensiyang pagtigil (emergency stop).

2) reaksiyon na dahil sa pagkilos o hindi kailangang paggalaw

Masaktan ang likod sa pagbuhat ng mabigat na bagay dahil hindi tama ang postura, masaktan o mapilay ang kalamnan dahil sa paggalaw. Bukod sa pangingsda, madalas din mangyari ito habang humahawak ng lambat o kagamitan sa pangingsda.

Halimbawa ng aksidente 1: umalog ang barko habang itinataas ang isang basket na naglalaman ng humigit-kumulang 30 kilo ng mga isda para ipasok sa sorter, at ang kanang kamay ay napilipit dahil nawalan siya ng balanse. ③④

Sanhi: Pilit na buhatin mag-isa ang mabigat na bagay. Nawalan ng balanse dahil sa ugoy ng barko.

Mga hakbang sa pag-iwas: Alalahanin na ang mga bagay na ligtas hawakan kung nasa lupa ay naiiba pag nasa barko. Hindi lang dapat isang tao ang magdadala ng mabibigat na bagay, kundi dalawa o higit pa. At dapat laging alam ang lagay ng apakan mo at ugoy ng barko. (Huwag mahiyang humingi ng tulong dahil pag nasaktan ka dahil ginawa mong mag-isa, mas mahihirapan ang ibang kasamahan mo.)

Halimbawa ng aksidente 2: Habang namimingwit ng gulyasan (skipjack tuna/bonito), nagwala ang nahuling isda at natanggal ang kawit (hook) kaya humakbang para hindi matumba pero nasaktan ang kanang balakang. ③⑤

Sanhi: Hindi inaasahan na matanggal ang kawit habang kinukuha ang isda, at hindi handa sa ganitong sitwasyon.

Mga hakbang sa pag-iwas: Habang namimingwit, maaaring magwala ang isda at matanggal ang kawit o maputol ang linya. Mahalaga na tama ang postura mo. Karaniwan, nakalagay ang bukong (ankles) sa ilalim ng tubo para sa tubig para suportahan ka.



3) mahulog, matumba, o bumagsak


Ang pagkatumba ay isang sakuna na dulot ng pagdulas, natisod o mabuwal sa palapag o kubyerta. Sa ilang mga kaso, nabundol nila ang sahig at pader na nagsanhi ng sakuna o kamatayan.

Tinatawag na “hulog” kapag nahulog sa hagdan o nadulas sa palapag o kubyerta o ibang lugar na di gaanong mataas na lugar tulad ng hagdan. Ang “bagsak” ay kapag tumama ang katawan sa isang bagay o bumagsak mula sa mas mataas na lugar at nagkaroon ng malubhang pinsala sa katawan at kung minsan ay posibleng ikamatay.

Halimbawa ng aksidente : Habang nagkakarga ng pagkain, nadulas siya at nahulog sa lalagyan ng nahuling isda (fish house) mula sa palapag o kubyerta, at nabunggo ang kanang tuhod. ③⑥

Sanhi: Hindi alisto kaya hindi napansin ang palapag o kubyerta kasi ang barko ay naka-angkla at walang alog ang barko.

Mga hakbang sa pag-iwas: Ang masikip na palapag o kubyerta ng barkong pangingsda ay may mga butas para lalagyan ng nahuling isda (fish house), gamit pangingsda at maraming naka-usling bagay, kaya



4) nahulog sa dagat

Marami ang bilang ng mga namatay pag nahulog sa dagat dahil nadulas o natapon dahil sa ugoy ng barko, nasabit sa lambat o gamit, o kaya’y natangay ng alon.

Kalimitan nangyayari ito habang nangingisda pero mayroon din mga kasong dahil sa kalasingan, pag-ihi sa gilid ng barko, o dahil nadulas sa maliit na bato/buhangin na kumapit sa iyo dahil sa pagbalikan sa pagitan ng lupa at barko.

Halimbawa ng aksidente 1: habang naghahagis ng mga lambat, sunud-sunod inilalabas ang mga gamit sa pangingsda tulad ng mga palutang (floats), lubid, lambat, atbp. Nahulog siya sa dagat mula sa rampa ng barko (slipway) nung hinagis ang natitirang lubid. Hanggang sa ngayon ay hindi pa siya nakikita. ③⑦


Sanhi: Hinagis ang lubid habang napakalapit sa rampa ng barko (slipway). Laging magbigay pansin kung saan nakatayo at kung paano nakatayo ang iyong kasamahan habang nagtatrabaho.

Mga hakbang sa pag-iwas: Madulas ang rampa ng barko kaya’t mag-ingat sa pagtayo dito. Ugaliing magsuot ng safety shoes na mayroon pangontrang-dulas (anti-slip) na suwelat. Huwag hakbangan ang lubid, huwag ilagay ang paa sa loob ng nakabilog na lubid at laging mag-ingat kung saan ka nakatayo. Mag senyas ng malinaw tungkol sa trabahong ginagawa, at subaybayan at tawagan ang isat-isa at magbatian. Mahalagang bigyang pansin kung saan nakatayo ang mga kasamahan mo.

Halimbawa ng aksidente 2: Habang bumibiyahе pauwi, nawalan ng balanse ang isang tauhang nagtutupi ng lambat na nasa may dulo ng palapag o kubyerta, at nahulog siya sa dagat. Hanggang ngayon ay hindi pa siya nakikita. ③⑧, ③⑨

Sanhi: Hindi maganda ang apakan at nagtatrabahong mag-isa. Wala siyang nahawakan nung nawalan siya ng balanse dahil sa ugoy ng barko.

Mga hakbang sa pag-iwas: Sa mga lugar na hindi maganda ang apakan, magbigay pansin sa apakan at dapat mayroong mahahawakan na masusuportahan ang katawan pag nawalaan ng balanse. Alinsunod sa batas, kapag nagtatrabaho sa palapag o kubyerta, dapat gumamit ng mga lubid pangkaligtasan (life line) o salbabida (life jacket), laging magtrabaho na may kasama, at maglagay ng taga-pagmasid.



II pagsasakang-pangtubig (aquaculture)

1. Tungkol sa trabahong pagsasakang-pangtubig (aquaculture)

Ang mga tao sa industriya ng pagsasakang-pangtubig ay dapat mag-ingat sa mga kaparehong trabaho o gawain ng mga nasa barko.

⇒ Basahin ang I. 3,4.

2. Mga hakbang sa kaligtasan para sa pagsasakang-pangtubig

Halimbawa ng aksidente 1: Dahil sa pagmamadali, tumakbo siya sa lugar ng hugasan ng talaba kahit na basa ang sahig. Nadulas siya at nabali ang buto sa bandang pupulsuhan (wrist). ④

Sanhi: pagtakbo sa basang sahig.

Mga hakbang sa pag-iwas: Madulas ang basang sahig. Magsuot ng sapatos na may pangontra-dulas sa suwelas. Maglakad at huwag tumakbo

Halimbawa ng aksidente 2: naipit ang kamay sa conveyor belt na ginagamit para sa paghakot ng kabibe (shellfish) habang inaalís ang mga piraso ng kabibe na nakabara sa dito. ④

Sanhi: Hindi hininto ang makina bago tanggalin ang mga pirasong nakabara.

Mga hakbang sa pag-iwas: Kailangan itigil ang makina habang tinatanggal ang bara o habang nililinis ito.

